

GABAY PARA SA KALIGTASAN AT KALUSUGAN

Pag-iwas sa impeksyon na COVID-19 para sa mga Employer at Empleyado ng Pagsasaka

Mayo 5, 2020

Kinakailangan na itaguyod at ipatupad ng mga employer ng California ang isang Programa sa Pag-iwas sa Pinsala at Sakit (IIPP) upang maprotektahan ang mga empleyado mula sa lahat ng mga peligro sa lugar ng trabaho, kabilang na ang mga nakakahawang sakit. Ang gabay na ito ay naglalaman ng impormasyon, rekomendasyon, at mga kinakailangan gawain para sa mga employer ng pagsasaka kung paano i-update ang kanilang IIPPs upang maisama ang pagpigil ng pagkalat ng COVID-19 sa lugar ng trabaho. Ang patnubay na ito ay hindi naghahandog ng bagong legal na obligasyon, ngunit dahil ang COVID-19 ay laganap sa komunidad, ang karamihan sa mga lugar ng trabaho sa California ay kailangang isaalang-alang na ang sakit ay isang panganib sa lugar ng trabaho.



Pagsasanay sa empleyado sa COVID-19

Ang mga employer ng pagsasaka ay dapat magbigay ng pagsasanay sa isang paraan na madaling maunawaan ng lahat ng empleyado. Ang mga empleyado ay dapat sanayin sa mga sumusunod na paksa:

- Impormasyon tungkol sa COVID-19 galing sa [Mga Sentro sa Pag-kontrol at Pag-iwas sa Sakit \(CDC\)](#), kasama na ang mga sumusunod:
 - Ano ang COVID-19 at [paano ito kumakalat](#).
 - [Pagpigil sa pagkalat ng COVID-19 kung ikaw ay may sakit](#).
 - [Sintomas ng COVID-19 at kung kailan dapat humingi ng medikal na atensyon](#).
- Impormasyon galing sa [California's COVID-19 Response Webpage](#) para sa karagdagang kaalaman, kasama na sa wikang Espanyol.
- Ang kahalagahan ng madalas ng paghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig, kasama na ang mga sumusunod:
 - Sumunod sa gabay ng CDC na hugasan ang kamay na hindi kukulangin ng 20 segundo.
 - Pagdating ng mga empleyado sa trabaho at bago umalis.
 - Bago at pagkatapos kumain o gumamit ng banyo.
 - Matapos ang malapit na pakikipag-ugnayan sa ibang tao.
 - Matapos naibahagi o nagamit ang mga ibabaw ng gamit o bagay.
 - Bago at pagkatapos magsuot ng maskara o guwantes.
 - Pagkatapos ng paghihip o pagbahin ng ilong.

(nagpapatuloy sa susunod na pahina)

- Ang paggamit ng sanitizer sa kamay ay hindi kasing epektibo kaysa paghuhugas ng kamay, ngunit maaaring pansamantalang gamitin kung ang isang panghugas na istasyon ng kamay ay hindi pa magagamit.
- Mga pamamaraan upang maiwasang hawakan ang mga mata, ilong, at bibig.
- Tamang kaugalian kapag umuubo at bumababahing, kabilang na gamitin ang tisyu o manngas ng damit kapag umuubo o bumabahing sa halip na kamay.
- Ligtas na paggamit ng mga panglinis at disenpektante na kemikal sa mga ibabaw ng gamit at bagay, kasama na ang mga sumusunod:
 - Maingat na sundin ang mga direksyon ng tatak.
 - Pagtatasa sa mga peligro ng lahat na panglinis at disenpektanteng kemikal na ginagamit sa lugar ng trabaho.
 - Pagsusuot ng kagamitan para sa sariling proteksyon (tulad ng mga guwantes).
 - Ang pagtitiyak ng mga panglinis at disenpektanteng kemikal ay ginagamit sa paraang hindi makakapinsala sa mga ibang empleyado.
- Limitahan ang malapit na pakikipag-ugnay sa iba hangga't maaari at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya para sa kaligtasan (tingnan ang impormasyon sa Pisikal na Pagdistansya sa susunod na pahina).
- Ang kahalagahan ng hindi pagpasok sa trabaho kapag madalas ang ubo, may lagnat, hirap sa paghinga, may panginginginig, masakit ang ulo, namamagang lalamunan, o kamakailang pagkawala ng lasa at amoy, o sila ay may kasama sa bahay na mayroong sakit na COVID-19.
- Humingi ng medikal na atensyon kapag lumala ang mga sintomas kasama na ang laging pagsakit o pagsikip ng dibdib, pagkalito, o mala bughaw na labi o mukha. Mga bagong impormasyon at karagdagang detalye ay makukuha sa website [ng CDC](#).
- Ang plano at pamamaraan ng employer upang maprotektahan ang mga empleyado mula sa sakit na COVID-19.

Mga Pamamaraan upang Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19 sa Lugar ng Tarabaho

Dapat itatag at ipatupad ng mga administrador ng IIPP ang mga sumusunod na pamamaraan upang makatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19:

- Agad pauwiin ang mga empleyado na may mga sintomas sa hirap sa paghinga sa bahay o sa pangangalagang medikal kung kinakailangan.
- Magtatag ng mga pamamaraan upang ipaalam sa mga lokal na opisyal ng kalusugan ang pagkaalam na ang isang tao ay may impeksyon ng COVID-19. Tutulungan ng mga opisyal ang mga employer na malaman ang nararapat na dapat gawin.
- Hikayatin ang mga may sakit na empleyado na manatili sa bahay sa pamamagitan ng hindi pagpaparusa sa kanila dahil sa hindi pagpasok sa trabaho. Isaalang-alang ang benepisyong bayaran kapag may sakit upang makatulong na maiwasan ang pagkalat sa mga ibang empleyado dahil sa nangangailangang pumasok dahil sa pangangailangan. Turuan ang mga karapat-dapat na empleyado kung paano makukuha ang ibang mga benepisyo kung ang mga sintomas, sakit, o pag-aalaga sa isang miyembro ng pamilya na may sakit ay napipigilan silang pumasok sa trabaho. Tingnan ang [FAQs on laws enforced by the California Labor Commissioner's Office](#) (mga katanungan 1 at 2).

- Gawing mas madaling magamit ang mga istasyon sa paghuhugas ng kamay at hikayatin ang paggamit nito. Pinapayuhan ang employer na ang paghuhugas ng kamay ay maaaring mabayaran bilang hindi produktibong oras para sa mga empleyadong binabayaran base sa mga piraso. (tingnan ang [FAQs on piece-rate compensation](#)).
- Magtatag ng mga pamamaraan upang regular na malinis at disenpektahin ang karaniwang hinahawakan na mga ibabaw na gamit at bagay (halimbawa, mga lalagyan ng tubig, mga manibela, ibinabahagi na mga gamit, ibinabahagi mga istasyon ng trabaho, mga hawakan ng pinto, seatbelts, loob ng mga banyo) sa buong araw ng trabaho. Ang mga pamamaraang ito ay dapat isama ang mga sumusunod:
 - Paggamit ng mga produktong **EPA-approved** para magamit laban sa virus na nagdudulot ng COVID-19.
 - Pagbibigay ng mga rehistrado sa EPA na pangpunas para sa mga empleyado upang punasan ang mga karaniwang ibabaw ng gamit bago gamitin.
 - Pagsunod sa mga tagubilin ng tagagawa para sa lahat ng mga produktong panglinis at pangdisenpekta (halimbawa, mga kinakailangan sundin para sa kaligtasan, kagamitan para sa sariling proteksiyon, konsentrasyon, ang tamang oras malapat ang kemikal sa gamit para epektibo ang disenpektante).
 - Pagtitiyak na may sapat na panglinis na mga gamit upang suportahan ang mga kasanayan sa paglilinis at pagdidisenpektante.

Mga Pamamaraan upang Dagdagan ang Pisikal na Pagdistansya

Ang pisikal na pagdistansya ay isang panukalang kontrol sa impeksyon na maaaring mahinto o mapabagal ang pagkalat ng isang nakakahawang sakit sa pamamagitan ng paglilimita sa pakikipag-ugnay sa pagitan ng mga tao. Ang pisikal na pagdistansya ay ang pagpapanatili ng layo na hindi bababa sa anim na talampakan mula sa ibang tao. Dapat gamitin ng mga employer sa pagsasaka ang mga sumusunod na pisikal na pagdistansyang hakbang upang mahinto o mapabagal ang pagkalat ng COVID-19:

- Ang pisikal na pagdistansya sa isa't isa ay dapat isagawa, maging sa labas, sa loob ng mga sasakyan, o sa loob ng mga gusali.
- Magtatag ng mga kasanayan sa trabaho at mga istasyon ng trabaho, at palitan at ayusin ang bilis ng linya ng trabaho at iba pang mga proseso upang mapanatili ang pisikal na pagdistansya ng mga empleyado habang nagtatrabaho.
- Pagibaibahin ang oras ng pahinga at oras ng pagkain sa tanghalian.
- Limitahan ang dami ng mga trabahador sa isang grupo sa pamamagitan ng pag-ibaibang oras ng pagpasok sa trabaho o karagdagang ibaibang oras ng pagpasok sa trabaho.
- Magbigay ng karagdagang upuan at lilim upang pahintulutan ang mga empleyado na magpahinga habang mananatiling hindi bababa sa anim na talampakan ang pagkakahiwalay.
- Hikayatin ang mga empleyado na maiwasan ang malaking pagtitipon at magsanay gawin ang pisikal na pagdistansya kapag hindi pa nagsisimula ang trabaho. Hinihikayat ang mga employer na nagpapatira ng mga empleyado sa isang bahay na maging aktibong ipagawa ang pisikal na pagdistansya at gumawa ng mga tamang hakbang para ibukod magisa ang empleyado na may mga sintomas.
- Magtatag ng isang lugar para sa pagtanggap ng mga regular na paghahatid ng gamit, ilayo ito sa mga maraming sakahan at pabahay.
 - Maglagay ng mga drop-box o mga drop-off na lugar malapit sa kalsada upang ang mga sasakyan ay hindi kailangang pumasok sa bukid.

(nagpapatuloy sa susunod na pahina)

- Lumikha ng mga tiyak na tagubilin para sa mga naghahatid ng gamit at materyal.
 - Bigyan ang mga supplier at namimili ng isang lugar para bigyan ng lahat na pamamaraan na gagamitin para ibaba ang mga gamit at materyal.
 - Lumikha ng karatula upang madaling makilala ang mga lugar para ibaba ang mga gamit at materyal. Isama sa karatula ang impormasyon kung sino at paano matatawagan para masagot ang mga katanungan bago madala ang mga gamit at materyal at sa pagdating sa lugar.

Hindi inirerekomenda ng mga eksperto sa kalusugan ang paggamit ng mga respirator ng pangkalahatang publiko o sa pangkalahatang empleyado para sa COVID-19. Gayunpaman, kung mayroon, dapat ibigay ng mga employer sa mga empleyado sa pagsasaka kung kinakailangan upang maprotektahan ang mga empleyado laban sa labis na alikabok, fungus ng *Coccidioides* (ang mapagkukunan ng Valley Fever), o iba pang mga nakakapinsalang ahente.

Mga Mabuting Kasanayan sa Kalinisan

Dapat tiyakin ng mga employer ng agrikultura na ang mga banyo at hugasan ng kamay ay madaling mapupuntahan ng lahat ng mga empleyado sa lahat ng oras.

- Ang mga banyo ay dapat malinis.
- Ang hugasan ng mga kamay ay dapat na matatagpuan sa o malapit sa mga banyo.
- Ang sabon o iba pang naaangkop na panglinis at pangtuyo na isang beses pwedeng gamitin lamang, para sa mga kamay ay dapat ipagkaloob.
- Ang mga karagdang gamit sa paghuhugas ng kamay ay dapat ilagay sa malapit na mga lugar ng pinagratrabahuan hangga't maaari upang madalas na mahugasan ang mga kamay.
- Bigyan ng sapat na oras para madalas na mahugasan ang mga kamay.
- Dahil sa madalas na paghuhugas ng kamay, dapat suriin ng employer ang mga gamit na sabon, tuwalyang papel, at tisyu sa banyo, at muling lagyan ang mga ito bago maubos.

Karagdagang Kaalaman tungkol sa COVID-19 para sa mga Employer ng Pagsasaka

Employers ng Pagsasaka

- California Department of Public Health. **Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) and the Food Supply Chain**
- Oregon Department of Agriculture. **Effective Disinfectants to Help Prevent the Spread of Coronavirus Disease (COVID-19) on Food Contact Surfaces**
- Pennsylvania Department of Agriculture. COVID-19 Guidance: Farm and Farm Deliveries

General Information

- **California Coronavirus (COVID-19) Response**
- California Division of Occupational Safety and Health. **Cal/OSHA Interim Guidelines for General Industry on 2019 Novel Coronavirus Disease (COVID-19)**
- California Labor and Workforce Development Agency. **Coronavirus 2019 (COVID-19) Resources for Employers and Workers**
- **Centers for Disease Control and Prevention. Coronavirus Disease (COVID-19)**
- Centers for Disease Control and Prevention. **Coronavirus Disease (COVID-19): Interim Guidance for Businesses and Employers**
- Centers for Disease Control and Prevention. **Coronavirus Disease (COVID-19): Symptoms**
- Centers for Disease Control and Prevention. **Coronavirus Disease (COVID-19): How It Spreads**
- Centers for Disease Control and Prevention. **Coronavirus Disease (COVID-19): Steps to help prevent the spread of COVID-19 if you are sick**
- U.S. Environmental Protection Agency. **Disinfectants for Use Against SARS-CoV-2** (the virus that causes COVID-19)

